

KIANKAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS**KUMUSTA KAWASAKI***Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City*

Hardin ng Rosas sa Ikuta nitong Tag-lagas

秋のバラ苑一般開放

367



Ang Hardin ng mga Rosas ay magbubukas para sa publiko mula ika-17 ng Oktubre (Lunes) hanggang ika-3 ng Nobyembre. Dito sa Ikuta Park ng Tama Ward, ang mga boluntaryong mamamayan ay nagtutulungan sa pagtanim at pagsasa-ayos ng iba't ibang uri ng rosas sa sari-saring hugis at porma. May mga 4000 libong makukulay na puno ng rosas na may 440 uri ang mamumukadkad sa malawak na harding ito. Sa Royal corner, makikita ang mga koleksiyon ng rosas na nakapangalan sa mga miyembro ng mga personales ng Imperial House. May mga pergolas at English gardens sa mga highlights nito. Ang Rose Garden ay 15 minutong lalakarin mula JR Nambu Line, Shukugawara station at 12 minutos naman kung manggagaling sa Mukogaoka Yuen ng Odakyu Line. Ang hardin ay bukas mula Martes-Biyernes ng 10 am ~4 pm. Tuwing Sabado at Linggo naman ay 9am ~4pm, sarado tuwing Lunes. Libre ang entrans.

Para sa iba pang impormasyon tumawag sa RYOKUCHI-NAI BARA-EN 044-978-5270. O kontakin ang Environmental Protection Bureau, Park Management Division ng Kawasaki : 044-200-2394 (KANIKYO KYOKU KOENKANRIKA)

KAWASAKI HALLOWEEN

カワサキハロウィン 2008

368

Ang Siyudad ng Kawasaki ay naging popyular dahil sa taun-taong pagdiriwang nito ng Halloween! Ngayong taon makukulayan na naman ng orange ang buong Kawasaki mag-uumpisa sa ika-18 (Sabado) ng Oktubre hanggang ika-26 (Linggo) sa mga lugar tulad ng La Cittadella at sa bandang East ng JR Kawasaki ng mga merrymakers.



Ang opening ceremony ay gaganapin sa ika-18, at ang mga sumusunod na araw ay may stamp rally, party, horror movies at contests. May mga face-painting booth at mga lugar na makukuhanan ng mga pang-gimik na make-ups at iba pa. Sa ika-25 ng Sabado, may dance party kung saan maririnig ang mga awiting likha para sa Kawasaki Halloween. At bilang pinaka-pinale, sa ika-26, Linggo ay ang pinakamalaking costume parade sa bansa ng may 3000 kataong magpapanggap sa kanilang kasuotan at magpaparada sa palibot ng istasyon ng Kawasaki. Halina't manood, magsaya sa pinakamalaking ibentong Halloween sa buong Japan! Ang mga katanungan tungkol sa piyesta ay itawag lamang sa Kawasaki Halloween Project 044-233-1934.



Enrollment sa Paaralang pampubliko para sa Abril, 2009


外国人児童・生徒の川崎市立小・中学校の入学

369

Kung kayo ay may anak na residenteng dayuhan ng Kawasaki at nais pag-aralin sa municipal elementary o junior high school sa Abril ng susunod na taon, mangyaring magsadya sa inyong lokal na tanggapan ng pamahalaang malapit sa inyong tirahan para sa konsultasyon. Ang mga batang ipinanganak mula ika-2 ng Abril 2002 hanggang ika-1 ng Abril 2003 ay maaari nang mag-umpisa sa unang baitang ng mababang paaralan. Ang magha-high school naman ay ang mga tinatayang magtatapos ng elementary sa Marso 2009.

Para sa detalyadong impormasyon, magtanong sa inyong tanggapan ng distrito o ward office sa section ng mamamayan o KUMIN-KA. Maaring magtanong sa mga in-charge dito na kung tawagin ay KUMIN-KAKARI o KUMIN DAI-ICHI KAKARI.

Dagdag sa impormasyong ito, may mga libreng health check-ups sa mga paaralan para sa mga batang mag-uumpisa sa unang baitang ng elementarya. Maaaring makipag-usap para sa health check-ups sa Board of Education, Health Education Section na tinatawag sa hapon na: KYOIKU-IIN KAI KENKO KYOUIKU KA: 044-200-3321.



ASAO FOREIGN MEDICAL INFORMATION HELPLINE

Ang Asao Foreigners Medical Information Helpline ay itinatag ng Asao ku chiiki shinkouka kung saan ang mga boluntaryo ay nagbibigay ng libreng serbisyo tungkol sa impormasyong pang medikal. Ito ay magsisilbi sa mga dayuhang mamamayang malapit sa Asao tulad ng (Asao, Tama, Miyamae, Machida at Sagamihara) Tuwing Lunes at Biyernes ika-10 hanggang ika-3 ng hapon sa mga wikang Ingles, Kastila at Intsik. Tumawag sa 044-951-6468. Mga temang maaaring ikunsulta ay: mga pagamutang malapit sa Asao ward, mga impormasyon ukol sa mga check-ups, bakuna at ng sistema ng pagpapagamot at insyurans ng Japan atbp.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa: Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

Silid — Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes


Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon



Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki
〒211-0033 Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/